



TANDAANG GAMITIN

ANG IYONG KUPON SA PAGTATAPON NG BASURA

Ang huling kupon sa pagtatapon ng basura na natanggap mo ay may bisa hanggang sa katapusan ng Pebrero. Maaari mong asahang matanggap ang susunod na kupon sa pagtatapon ng basura sa unang bahagi ng Marso.

Ang iyong kupon ay may bisa para sa mga basurang hanggang, at hindi hihigit sa, 1,000 libra sa 889 Devlin Road, American Canyon. Dapat mong ipakita ang orihinal na kupon at isang valid ID na tumutugma sa address sa iyong Recology account.

Siguraduhing itago ang kupon sa isang ligtas na lugar. Hindi tinatanggap ang mga photocopy, at walang kapalit para sa mga nawala o nasirang postcard.

Kung may malalaki kang appliance o maraming basura sa buong taon, maaari kang magsaayos ng Pagkolekta ng Malaking Item (Bulky Item Collection, BIC) at

kukunin ng Recology ang iyong mga gamit sa gilid ng bangketa. Ang mga residensyal na customer ng American Canyon ay makakakuha ng isang libreng nakaiskedyul na pagkuha sa isang taon para sa hanggang 2 cubic yards, na katumbas ng (12) 32-gallon na bag ng basura, at isang refrigerator o iba pang item na naglalaman ng Freon.



Mabilis mapuno ang mga slot sa pagkolekta, kaya iiskedyul mo ang iyong BIC nang maaga. Mag-email ng detalyadong listahan ng mga item na kukunin sa vallejocustomerservice@recology.com o tumawag sa **707.552.3110**.

PAGTAAS NG RESIDENSYAL NA RATE ENE. 1, 2025

	KASALUKUYAN	BAGO
32-gal.	\$32.56	\$33.44
64-gal.	\$49.50	\$50.84
96-gal.	\$71.91	\$73.85

Ang mga buwanang rate ay nakabatay sa laki ng basurahan. Kasama sa rate ang lingguhang pagkolekta ng mga asul na cart para sa nire-recycle at berdeng cart para sa mga organic.

LIBRENG PAG-SHRED PARA SA MGA RESIDENTE

Markahan ang iyong kalendaryo para sa 9 AM–12 PM Sabado, Mayo 3, Agosto 2, at Nobyembre 11. Ang tatlong libreng event sa pag-shred na ito ay gaganapin sa paradahan ng American Canyon City Hall, 4381 Broadway.

TINGNAN ANG PAHINA 2 PARA SA MGA TIP SA
TAMANG PAG-RECYCLE

WASTE ZERO CORNER



ISANG RESOLUSYON SA PAG-RECYCLE SA BAGONG TAON

Samahan kami sa pagtatakda ng layunin para sa 2025

para mabawasan ang mga materyales na ipinapadala namin sa tambakan ng basura (na maaaring makabawas sa iyong singil).

Maaaring magbigay ang pangkat ng Waste Zero ng Recology ng mga

gabay sa pag-uuri, rekomendasyon sa laki ng basurahan, at pag-audit ng basura. Nagsasagawa rin kami ng mga pang-edukasyon na presentasyon para sa mga may maramihang pamilya na ari-arian, negosyo, at paaralan.

Tawagan kami sa **707.552.3110** para humiling ng konsultasyon o presentasyon kaugnay ng waste-zero.

Mag-recycle Nang Tama

ISAHANG-GAMIT NA PLASTIK

MGA MAIPAPALIT



Mga metal na bote ng tubig



Mga canvas na grocery bag



Mga muling nagagamit na lalagyan at kubyertos

HERARKIYA NG PAGPAPANATILI

TUMANGGI: Bumili lamang ng kailangan mo, gamitin ang mayroon ka.

MAGBAWAS: Limitahan ang dami ng mga produktong ginagamit.

MULING GAMITIN: Ipamigay ang mga bagay na magagamit pa.

MAG-RECYCLE: Ilagay ang mga nare-recycle nang kalas-kalas at tuyo sa iyong asul na basurahan.

PABULUKIN: Ilagay ang mga tirang pagkain, papel na nadumihan sa pagkain, at basura sa bakuran sa berdeng basurahan para gawing pataba.

TAMBAKAN NG BASURA: Ito ang dapat na huling opsyon para sa mga basurang wala nang ibang gamit.

TINATANGGAP

PLASTIK



Mga bote, batya, pitsel

Malinis at tuyo



METAL

Mga lata ng Pagkain/Soda



Mga aluminum foil/tray



BABASAGIN

Mga bote



Mga garapon



PAPEL/ KARTON



Pitpitin ang karton



HINDI TINATANGGAP

Bawal ang mga plastik na supot

Bawal ang mga nakakabuhol (mga lubid, hose, bag)

Bawal ang mga elektronikong gamit

Bawal ang mga mapanganib na basura (mga baterya, langis, pintura, mga kemikal)

Bawal ang maliliit o maninipis na plastik (packaging, mga kubyertos, mga pambalot, mga bag)

Bawal ang mga ceramic o baso at pinggan

Bawal ang mga retasong metal

PAKITANDAAN:

Alisan ng pagkain o likido ang mga nare-recycle, na pinapanatiling malinis at tuyo ang mga ito hangga't maaari.

Ayos lang ang kaunting latak.

Ang pag-recycle ay inaayos nang mano-mano. Ilagay ang mga nare-recycle nang kalas-kalas sa iyong asul na cart.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM
recology.com/americanacanyon
facebook.com/recologyvallejoamericanacanyon